4 November 2024

The Securities and Exchange Commission
7907 Makati Avenue, Salcedo Village
Bel-Air, Makati City, 1209

Through: **Hon. Emilio B. Aquino**
Chairperson
Securities and Exchange Commission

Re: Demand to Make Sustainability Reporting Guidelines/Climate Related Financial Disclosures Mandatory for Publicly Listed Companies

Dear Chairperson Aquino:

Kami po ay mga magsasaka, mangingisda, maybahay, kababaihan, kabataan, senior citizens at residente ng bayan ng Salcedo, sa lalawigan ng Eastern Samar, isang lalawigan na madalas masalanta ng malalakas na bagyo, na higit pang lumalakas sanhi ng pag-init ng mundo at pagbabago ng klima.

Noong 8 Nobyembre 2013, hinagupit ang aming lalawigan ng bagyong Yolanda, na naitala sa kasaysayan ng mundo bilang pinakamalakas na bagyong tumama sa kalupaan. Ang Yolanda ay nagdulot ng malaking pagkawasak sa Visayas, partikular sa mga isla ng Samar at Leyte na kung saan tinatayang aabot sa sampung libo ang mga namatay. Ayon naman sa United Nations, humigit-kumulang 11 milyong tao ang naapektuhan at marami ang nawalan ng tirahan; marami rin ang nawala dahil sa bagyong ito.[1]

Kaugnay nito, kami ay sumusulat upang himukin ang inyong tanggapan **para sa agarang aksyon na gawing <u>mandatory</u> ang Sustainability Reporting Guidelines, kabilang ang Climate Related Financial Disclosures para sa Publicly Listed Companies.** Sa kasalukuyan, ang Sustainability Reporting Guidelines at Climate Related Financial Disclosures na nakapaloob sa SEC Memorandum Circular 4, Series of 2019, ay hindi mabisa sapagkat "comply or explain" approach lamang ang ipinapatupad. Dahil diyan, may kalayaan ang isang publicly listed na kompanya na hindi sumunod sa tuntunin ng nasabing polisiya basta maipaliwanag nila ito, at maaaring magpasya ang mga kompanya kung sila ay magbabahagi ng impormasyon o hindi tungkol sa kanilang mga greenhouse gas (GHG) emissions, at kung paano maaaring makaapekto sa pagbabago ng klima ang kanilang mga modelo o pagbabatakbo ng negosyo.

Ang nasabing malabnaw na polisiya ay taliwas sa hangarin ng Climate Change Act, at sa garantiya sa ilalim ng Artikulo II, Sek 16 ng Saligang Batas na nagsasaad na, "*[d]apat*

[1] https://www.bbc.co.uk/news/world-asia-24891456.

pangalagaan ng Estado ang karapatan ng sambayanan sa timbang at kanais-nais na ekologi nang naayon sa timbang at aluy-oy at tugma ng kalikasan."

Nais naming ipahiwatig na ang pagsisiwalat ng impormasyon na nauugnay sa klima ay isang pangunahing pamamaraan na mag-uudyok sa mga kompanya upang maging bukas sa pag-uulat ng kanilang mga operasyon na makaaapekto sa klima. Ang tuntunin ng pagsisiwalat o transparency ay isang mahalagang paraan upang mapanagot ang mga kompanya kung sakaling ang kanilang mga operasyon o gawain ay nagiging sanhi ng paglala ng climate crisis. Ang *transparency* na dulot ng pagsisiwalat ay magbubunga din ng kabutihan sa kompanya sapagkat maagapan nila ang mga panganib na dala ng pagbabago ng klima.

Ito ang dahilan kung bakit namin ipinapahayag ang aming Demand na agarang gawing mandatory ang Sustainability Reporting Guidelines/Climate Related Financial Disclosures Mandatory for Publicly Listed Companies.

Umaasa po kami sa inyong mabilis na pagtugon.

Pagbati at pasasalamat,